

**SENTRO NG PAGBIBIGAY NG PUWESTO SA MGA INSTITUSYONG PANG-EDUKASYON
(EDUCATIONAL PLACEMENT CENTER)**

555 Franklin Street, Room 100 San Francisco, CA 94102 office: 415-241-6085 fax: 415-241-6087 email: enrollingschool@sfusd.edu

**2019-2020 MGA GABAY SA APLIKASYON PARA MATANGGAP SA LOWELL
HIGH SCHOOL (MGA GRADO 10-12)**

Mahal na Aplikante:

Salamat sa iyong interes na mag-aplay upang makalipat sa Lowell High School para sa ika-10, ika-11 at ika-12 na grado.

Pakipag-aralan nang mabuti ang sumusunod na impormasyon bago mo kompletuhin ang iyong aplikasyon. Kailangang maisumite ang aplikasyon nang personal ng magulang o legal na tagapatnubay ng aplikante sa Educational Placement Center na nasa 555 Franklin Street, Room 100, sa pagitan ng Lunes Mayo 6 at Biyernes, Hunyo 21, 2019 (8:00 AM hanggang 4:30 PM ang mga oras ng opisina). Hindi isasaalang-alang ang ma aplikasyong isusumite matapos ang Hunyo 21, 2019. Hindi isasaalang-alang ang mga aplikasyong matatanggap sa pamamagitan ng koreo o ng fax.

I. Mga Pamantayan para sa Pagtanggap

Para sa bawat semestre ang pinakamatataas na apat na grado sa limang akademikong asignatura na ito: *English (Ingles)*, *Laboratory Science (Siyensiyang Panlaboratoryo)*, *Social Studies (Araling Panlipunan)*, *Mathematics (Matematika)* at *Foreign Language (Dayuhang Wika)*, ayon sa nakasulat sa opisyal na transcript (opisyal na rekord ng trabaho ng mag-aaral) ang isasaalang-alang. Hindi isasaalang-alang ang mahigit sa isang kurso mula sa limang akademikong asignatura. Hindi katanggap-tanggap ang mga kursong nakompleto sa Paaralang Pantag-araw (Summer School).

- A. English (Ingles): Magbibigay na katumbas na credit sa mga abatang kurso sa ESL.
- B. Mathematics (Matematika): Ang mga katanggap-tanggap na kurso ay Algebra 1, 2; Geometry (Heometriko) 1.2; Precalculus, Calculus, Istatistika (Statistics)
- C. Kailangang nakompleto ang mga aplikante sa ika-labindalawang grado ng tatlong taon ng Ingles at Matematika at dalawang taon ng Foreign Language, Laboratory Science, at Social Studies (kasama ang Geography [Heograpiya] at U.S. History [Kasaysayan ng Estados Unidos]). Kailangang handa silang kumuha ng College Preparatory Math (Matematika para sa Paghahanda sa Kolehiyo) o mas abatang kurso kung matatanggap sa Lowell.
- D. A=8 puntos; B=6 puntos; C=4 puntos; D=2 puntos; at F=0 puntos. Walang dagdag na timbang na ibinibigay para sa mga klaseng honors (klaseng mas mataas ang antas), Advanced Placement ((nagkakaloob ng mga credit na pangkolehiyo) o International Baccalaureate (eksameng nakabatay sa kurikulum na itinatakda ng International Baccalaureate Organization na nasa Cardiff, Wales). Hindi isinasama ang mga plus at minus (halimbawa: ang A+ at ang A- ay katumbas ng A).
- E. Nakabatay ang mga pagtanggap sa makukuhang puwesto. Ibibigay ang mga makukuhang espasyo sa mga aplikanteng may pinakamatataas na bilang ng mga puntos. Kailangan ng minimum o pinakamababa nang 48 puntos para sa bawat akademikong taon upang maging kuwalipikado.

II. Proseso ng Pag-aaplay

- A. May makukuhang aplikasyon sa website ng distrito, sa Educational Placement Center at sa mga high school ng SFUSD, at kailangang isumite ito nang personal ng magulang o legal na tagapatnubay ng aplikante sa:
Educational Placement Center 555
Franklin Street, Room 100
Mga Oras ng Opisina: Lunes hanggang Biyernes 8:00AM hanggang 4:30 PM
- B. Mga petsa para sa pagsusumite ng aplikasyon: sa pagitan ng Lunes, Mayo 6 at Biyernes, Hunyo 21, 2019
- C. Mga Transcript (rekord ng mga asignatura at marka):
 1. Responsibilidad ng mga aplikanteng hindi kasalukuyang pumapasok sa pampublikong paaralan ng San Francisco o pumapasok sa Paaralang CHARTER ng SFUSD ang paghiling sa kanilang opisyal na mga transcript mula sa kasalukuyan nilang paaralan, upang aisumite sa Educational Placement Center (Magbigay-pansin: Ms Alana Ramirez) bago sumapit ang Lunes, Hulyo 1, 2019 (hindi Hunyo 21). Hindi kailangang kasama ang transcript ng aplikasyon, at sa halip, puwedeng hiwalay na isumite bago ang mas malayong deadline o huling araw ng pagsusumite. Kailangang dumating ang mga transcript nang selyado upang maituring na opisyal. Puwedeng ipadala ang transcript sa koreo o direktang i-email mula sa kasalukuyang paaralan ng aplikante o isumite nang personal nang hindi nagalaw ang pagiging selyado, sa Educational Placement Center.
 - Mga aplikante para sa ika-sampung grado: mga opisyal na transcript para sa mga semestrong fall (taglagas) at spring (tagsibol) ng ika-9 grado.
 - Mga aplikante para sa ika-labing-isang grado: mga opisyal na transcript para sa ika-9 at ika-10 grado.
 - Mga aplikante para sa ika-labindalawang grado: mga opisyal na transcript para sa ika-9, ika-10 at ika-11 grado.
 2. Hindi na kailangang magsumite ng kasalukuyang mga estudyante ng SFUSD (maliban na lamang sa paaralang Charter ng SFUSD) ng kanilang mga transcript (kukunin ng Educational Placement Center ang mga transcript mula sa Opisina ng mga Transcript o Transcript Office ng Distrito).

(Ipinagpapatuloy sa likod)

D. Mga Kinakailangang Dokumentasyon

Lahat ng Aplikante:

1. ID na may Litrato ng Magulang/Tagapatnubay

Para sa mga aplikanteng kasalukuyang hindi pumapasok sa pampublikong paaralan ng San Francisco o pumapasok sa Paaralang CHARTER ng SFUSD, kailangang kasama ng aplikasyon ang mga sumusunod sa panahon ng pagsusumite. (Posibleng kailangan ng mga kasalukuyang estudyante ng SFUSD ang patunay ng address kung hindi pinakabago ang mga rekord ng Distrito):

2. Kailangang magkaloob ang bawat aplikante ng isang (1) orihinal na dokumentong nagpapatunay ng petsa ng kapanganakan at relasyon sa magulang/tagapatnubay. K atanggap-tanggap ang alinman sa dalawang sumusunod na dokumento:
 - Sertipiko ng kapanganakan
 - Rekord ng ospital
3. Isang (1) orihinal na kasalukuyang patunay ng address ng tirahan ng magulang/legal na tagapatnubay. Kailangang may petsa ang pagpapatunay ng address ng tirahan at may pangalan at address ng magulang/legal na tagapatnubay sa mga ito. Kailangang alinman sa mga sumusunod ang pagpapatunay ng address ng tirahan:
 - Isang singil ng utility o serbisyo mula sa ahensiya ng utility tulad ng PG&E, tubig, cable o basura, na may petsang nasa loob ng apatnapu't limang (45) araw. **Walang singil sa cell phone na tatanggapin.**
 - Kapwa ang kasalukuyang pagpaparehistro ng kotse at kasalukuyang polisya sa seguro sa kotse (binibilang bilang [1] isang patunay)
 - Polisiya para sa seguro ng May-ari ng Tahanan (Homeowner), o ng Umuupa (Renter)
 - Pahayag ng buwis sa ari-arian (para sa 2018-2019)
 - Mga sulat mula sa ahensiya ng gobyerno na may petsang nasa loob ng apatnapu't limang (45) araw
 - Patunay ng paglilipat ng pagmamay-ari (grant deed), titulo ng ari-arian
 - Kontrata para sa pag-upa ng ari-arian, lease o kontrata para sa pag-upa ng tirahan, o mga resibo ng pagbabayad na nasa loob ng 45 araw
 - Mga kasunduang Seksiyon 8, na kinakailangang pinakabago
 - Mga pay stub (rekord ng suweldo), na may petsang nasa loob ng 45 araw
 - Pagpaparehistro ng botante, na kinakailangang pinakabago

E. Paninirahan (Residency):

- Ang mga aplikante at ang kanilang (mga) magulang/legal na tagapatnubay ay kailangang pisikal na nakatira sa San Francisco sa panahon ng aplikasyon. Kailangang patuloy silang nakatira sa San Francisco mula sa panahong iyon at hanggang sa pumapasok sa Lowell ang estudyante. Walang Permisong Distrito-sa-Distrito (Interdistrict Permit) ang isasaalang-alang para sa pagpasok sa Lowell o sa patuloy na pagpapa-enroll kapag lumipat ang estudyante sa tirahan na nasa labas ng San Francisco.
- Posibleng mangailangan ng karagdagang dokumento kung (a) wala ang pangalan ng magulang/legal na tagapatnubay na nakapirma sa aplikasyon sa mga rekord ng distrito (kasalukuyang mga estudyante) o sa pagpapatunay ng petsa ng kapanganakan ng estudyante (mga bagong estudyante); (b) pumapasok ang aplikante sa paaralan na nasa labas ng San Francisco; o (c) nakatira ang mga magulang/legal na tagapatnubay sa magkaibang address.
- Agad na kakanselahin at babawiin ang naging resultang pagbibigay ng puwesto para sa mga aplikasyon na mapag-aalamang may hindi totoong address o nagtataglay ng iba pang hindi tumpak na impormasyon. Posibleng may tala tungkol sa anumang palsipikadong impormasyon sa permanenteng file o itinatagong rekord ng estudyante. Tandaan na kung kakailanganing mag-empleyo ang Distrito ng imbestigador o gumamit ng iba pang rekurso para masuri pa ang inyong paninirahan, sisingilin kayo ng Distrito kapag sa huli, mapagpasyahan nitong walang bisa ang inyong pahayag. Inirereserba rin ng Distrito ang karapatang humingi ng karagdagang remedyong sibil at/o kriminal laban sa mga pamilyang nagsumite ng hindi totoong impormasyon.

F. Kung may tanong ang magulang/tagapatnubay tungkol sa mga dokumento na kailangang maisumite kasama ng aplikasyon, puwede niyang kontakin si Ms. Alana Ramirez sa (415) 241-6066 o sa ramireza@sfusd.edu bago pumunta sa Educational Placement Center.

G. Hindi tatanggapin o ipoproseso ng Educational Placement Center ang:

- Nahuling mga aplikasyon (mga aplikasyong isinumite matapos ang Hunyo 21, 2019)
- Mga aplikasyong **ipinadala sa pamamagitan ng koreo** sa Lowell man o sa Educational Placement Center
- Mga aplikasyong isinumite sa Lowell o sa iba pang paaralan
- Mga aplikasyong isinumite nang walang kompletong dokumentasyon: Ipoproseso lamang ang mga aplikasyon ng mga estudyanteng hindi SFUSD kung isusumite ang kinakailangang mga patunay ng kapanganakan at address ng tirahan nang kasama ang aplikasyon, at kung isinumite ang mga ito bago ang Hunyo 21, 2019, o sa petsang ito. Hindi ipoproseso ang mga aplikasyon ng mga estudyanteng hindi taga-SFUSD kapag hindi natanggap ng Educational Placement Center ang mga opisyal na transcript bago ang Hulyo 1, 2019 (OK ang may marka ng koreo bago sumapit ang Hulyo 1, 2019, o sa petsang ito.
- Ito lamang ang tanging panahon ng pag-aaplay para sa pagtanggap sa ika-10 -- ika-12 grado sa Lowell para sa akademikong taon 2019-2020.

H. Pag-aabiso ukol sa Pagkakatanggap Ipadadala sa koreo ang mga sulat na nag-aabiso ukol sa pagkakatanggap nang hindi lalampas ang Hulyo 26, 2019. Ang unang araw ng pagpasok ay sa ika-19 ng Agosto. Ang oryentasyon ay gaganapin sa ika-12 ng Agosto. Direktang makakukuha ang mga natanggap na estudyante ng impormasyon tungkol sa oryentasyon mula sa Lowell.

Polisiya Ukol sa Kawalan ng Diskriminasyon

Ang mga programa, gawain, at gawi ng San Francisco Unified School District ay dapat malaya mula sa labag sa batas na diskriminasyon, pagha-harass o panliligalig, pananakot o pambu-bully o pang-aapi na nakabatay sa aktuwal o inaakalang lahi, kulay, mga ninuno, bansang pinagmulan, identipikasyon sa etnikong pangkat, edad, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa o pagiging magulang, pisikal na kapansanan o kapansanan sa isip, kasarian, seksuwal na oryentasyon, gender o kasarian, identidad ng kasarian, o ekspresyon ng kasarian; o dahil sa kaugnayan ng tao sa indibidwal o pangkat na nagtataglay ng isa o higit pa sa mga aktuwal o inaakalang katangiang ito. Kung naniniwala kayo na nakaranas kayo ng diskriminasyon, agad na kontakin ang prinsipal o punong-guro at/o Tagapamahalang Direktor (Executive Director) ng Opisina para sa Pagkakapantay-pantay (Office of Equity) na si Ruth Diep, sa (415) 355-7334 o sa diepr@sfusd.edu. May makukuhang kopya ng polisiya ukol sa paghahain ng reklamo tungkol sa pagkakapareho sa pagsunod sa batas (uniform complaint policy) kapag hiniling.

**SENTRO NG PAGBIBIGAY NG PUWESTO SA MGA INSTITUSYONG PANG-EDUKASYON
(EDUCATIONAL PLACEMENT CENTER)**

555 Franklin Street, Room 100, San Francisco, CA 94102 office: 415-241-6085 fax: 415-241-6087 email: enrollschool@sfusd.edu

**2019-2020 APLIKASYON PARA MATANGGAP SA LOWELL HIGH SCHOOL
(MGA GRADO 10-12)**

Pakibasa ang kalakip na dalawang pahina ng mga instruksiyon bago ninyo kompletuhin ang aplikasyong ito.

Pangalan ng Mag-aaral (Apelyido) _____ (Unang Pangalan) _____ (Panggitna) _____																									
Address ng Tahanan		Numero _____ Kalye _____ Suf _____ # ng Apt _____ Zip _____	Telepono sa Tahanan _____																						
Petsa ng Kapanganakan	Kasarian	<input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae <input type="checkbox"/> Non-Binary	Tumatanggap ba kayo ng mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon? Kung oo, ilakip ang I.E.P.	<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	Gradong Inaaplayan para sa 2019-2020 _____																				
<p>Sarbey Tungkol sa Wikang Pantahanan (Home Language) para sa mga Estudyanteng Nag-ee-roll sa Unang Pagkakataon sa SFUSD</p> <p>Sa tuwing may nakasaan na ibang wika bukod sa Inles sa Sarbey Ukol sa Wikang Pantahanan, binibigyan ng pagtatasa o pa-eeksamen ang mga estudyante at may karapatan sila para sa mga karagdagang serbisyo. Walang mga pag-eeksameng pass/fail (pasado/bagsak). Nakatutulong ang mga resulta upang matukoy ng magulang ang naaangkop na puwesto sa programa para sa kanilang anak. Tingnan ang Libritong-Gabay sa Pag-ee-roll (Enrollment Handbook) para sa iba pang impormasyon.</p> <p>Anong wika ang unang natutunan ng inyong anak nang magsimula siyang magsalita? _____</p> <p>Anong wika ang pinakaginagamit ninyo upang kausapin sa inyong anak? _____</p> <p>Anong wika ang pinakaginagamit ng inyong anak sa bahay? _____</p> <p>Anong wika ang pinakaginagamit ng mga nakatatanda sa bahay? _____</p>																									
<p>Identipikasyon sa Lahi/Etnisidad</p> <p>Ginagamit ito para sa layunin ng pagre-report sa estado at pederal na gobyerno; hindi maaapektuhan ang mga desisyon sa pagbibigay ng puwesto.</p> <p>Etnisidad -- Hispaniko o Latino ba ang estudyante? (Pumili lamang ng isa <input checked="" type="checkbox"/> <input type="checkbox"/> Hindi, Hindi Hispaniko o Latino <input type="checkbox"/> Oo, Hispaniko / Latino</p> <p>Ang nasa itaas na bahagi ng tanong ay tungkol sa etnisidad, hindi sa lahi. Anuman ang inyong piliin sa itaas, pakipagpatuloy ang pagsagot sa mga sumusunod sa pamamagitan ng pagmamarka ng isa o higit pang kahon, upang isaad kung ano ang itinuturing ninyong lahi ninyo.</p> <table style="width:100%; border:none;"> <tr> <td>___ Amerikanong Indian/taga-Alaska</td> <td>___ Filipino</td> <td>___ Koreano</td> <td>___ Taga-Samoa</td> </tr> <tr> <td>___ Asyanong Indian</td> <td>___ Taga-Guam</td> <td>___ Laotian</td> <td>___ Taga-Tahiti</td> </tr> <tr> <td>___ Itim/Aprikano Amerikano</td> <td>___ Hawaiiiano</td> <td>___ Taga-Gitnang Silangan</td> <td>___ Vietnamese</td> </tr> <tr> <td>___ Cambodian</td> <td>___ Hmong</td> <td>___ Iba pang Asyano</td> <td>___ Puti</td> </tr> <tr> <td>___ Tsino</td> <td>___ Hapones</td> <td>___ Iba pang Taga-Isla Pasipiko</td> <td></td> </tr> </table>						___ Amerikanong Indian/taga-Alaska	___ Filipino	___ Koreano	___ Taga-Samoa	___ Asyanong Indian	___ Taga-Guam	___ Laotian	___ Taga-Tahiti	___ Itim/Aprikano Amerikano	___ Hawaiiiano	___ Taga-Gitnang Silangan	___ Vietnamese	___ Cambodian	___ Hmong	___ Iba pang Asyano	___ Puti	___ Tsino	___ Hapones	___ Iba pang Taga-Isla Pasipiko	
___ Amerikanong Indian/taga-Alaska	___ Filipino	___ Koreano	___ Taga-Samoa																						
___ Asyanong Indian	___ Taga-Guam	___ Laotian	___ Taga-Tahiti																						
___ Itim/Aprikano Amerikano	___ Hawaiiiano	___ Taga-Gitnang Silangan	___ Vietnamese																						
___ Cambodian	___ Hmong	___ Iba pang Asyano	___ Puti																						
___ Tsino	___ Hapones	___ Iba pang Taga-Isla Pasipiko																							
Kasalukuyang Paaralan: _____		Telepono ng Paaralan _____																							
Address ng Paaralan: (kinakailangan lamang para sa hindi paaralan ng SFUSD)																									
_____		_____		_____																					
Kalye		Lungsod		Zip																					
Magulang/Legal na Tagapatnubay 1			Pangunahing Telepono <input type="checkbox"/> cell phone? _____																						
_____			Ika-2 Telepono <input type="checkbox"/> cell phone? _____																						
Address: _____																									
Kalye		Lungsod		Zip																					
Magulang/Legal na Tagapatnubay 2			Pangunahing Telepono <input type="checkbox"/> cell phone? _____																						
_____			Ika-2 Telepono <input type="checkbox"/> cell phone? _____																						
Address: _____																									
Kalye		Lungsod		Zip																					
<p>Sumusumpa ako, nang malay sa parusa sa pagsisinungaling, na totoo ang impormasyong ipinagkaloob ko sa aplikasyong ito. (Agad na kakanselahin ang aplikasyon at babawiin ang naging resultang pagbibigay ng puwesto para sa mga aplikasyon na mapag-aalamang may hindi totoong address o nagtataglay ng iba pang hindi tumpak na impormasyon. Posibleng may isamang tala tungkol sa anumang pagsipi-dong impormasyon sa permanenteng file o itinatagong rekord ng estudyante. Tandaan na kung kakailanganing mag-empleyo ang Distrito ng imbestigador o gumamit ng iba pang rekurso para masuri pa ang inyong panirahan, sisingilin kayo ng Distrito kapag sa huli, mapagpasyahan nitong walang bisa ang inyong pahayag. Inirereserba rin ng Distrito ang karapatang humingi ng karagdagang mga remedyong sibil at/o kriminal laban sa mga pamilyang nagsumite ng hindi totoong impormasyon.</p>																									
Pangalan ng Magulang/Tagapatnubay Na Nakasulat sa Malalaking Letra		Lagda ng Magulang/Tagapatnubay		Petsa																					

ISUMITE ANG APLIKASYON NANG PERSONAL SA EDUCATIONAL PLACEMENT CENTER SA PAGITAN NG:
Lunes, Mayo 6, at Biyernes, Hunyo 21, 2019
Mga Oras ng Pag-oopisina: 8:00 AM – 4:30 PM

PARA LAMANG SA MGA KAWANI NG EDUCATIONAL PLACEMENT CENTER

ID# ng Estudyante	Napatunayan na ang Address Oo Hindi	Napatunayan na ang Petsa ng Kapanganakan Oo Hindi	Kinuha ni:	Petsa:
			Ipinasok ni:	Petsa: